DECEMBER 01, 2022

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
01 DEC 2022
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
BY: DATS NO.
TIME:

LORMELYN E. CLAUDIO CESO IV
REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR
DENR MIMAROPA
1515 ROXAS BOULEVARD
ERMITA, MANILA

(LETTER FOR CONSIDERATION)

SIR/MADAM:

KAMI PO AY SINA LUCYBETH LADRILLO AT GERALDINE IBAÑEZ BILANG HEIRS NI PRISCILLA SEBIDO AY SUMULAT MULI SA INYONG UPANG MAKIUSAP NA BIGYAN KAMI NG KONSIDERASYON PATUNGKOL SA NAGING DESISYON NG INYONG TANGGAPAN (ANNEX "A") DENR CASE NO. M-16-22L PATUNGKOL SA USAPIN NG LUPANG LOT 2 F(IV-13) 1447 D. KAMI PO AY APO NG YUMAONG CORNELIO MIGUEL NA AMA NI PRISCILLA MIGUEL SEBIDO. SI CORNELIO MIGUEL AY MAYROONG HOMESTED APPLICATION PARA SA LOT 152-H-151560 PATENT NO. 18387 NA KUNG SAAN AY NAAPRUBAHAN AT NA SUBDIVIDE NA MAY APPROVED SURVEY PLAN (LRC) PSD 146879 NOONG AUGUST 04, 1971 (ANNEX "B") ANG NASABING LUPA AY PATULOY NIYANG TINAMINAN AT KINUKULTIBA GAYUN DIN NG KANYANG MGA ANAK HANGGANG SA NAISALIN ITO SA MGA ANAK. ISA SI PRISCILLA SEBIDO SA NAGING ANAK NI CORNELIO MIGUEL NA KUNG SAAN AY MAY APPLICATION SA LOT NO. 2590 CAD 800-D NA FREE PATENT APPLICATION NA CAD. NO. MAP (IV-13) 0081. NA NAGING ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO. 241 (ANNEX "C") SA PATULOY NA PAGTATANIM AT PAGPOSISYON SA NASABING LUPA ~~NA~~ MAY AREA NA 239,552 SQ. METERS GUMAWA NG TRAIL SI CORNELIO MIGUEL UPANG MAGKAROON NG DAANAN NG MGA MILALABAS NA PRODUKTO NG NASABING LUPA. ANG NASABING LUPA NA TRAIL O ROAD AY NAKASAMA SA LOOB NG OCT NO. G 211 NA MAY APPROVED SUBDIVISION PLAN (LRC) PSD-146879 NA KUNG SAAN AY NAKASAAD ANG TECHNICAL DESCRIPTION BILANG ROAD LOT (ANNEX "C1").

[signature]

NOONG MARCH 24, 1975 (ANNEX "D") SI PRISCILLA MIGUEL SEBIDO AY NAGFILE NG FREE PATENT APPLICATION PARA SA LOT 2F(IV-13) 1447 D NA KUNG SAAN AY IPINAGKALOOB NI CORNELIO MIGUEL ANG KANYANG KARAPATAN SA KANYANG ANAK NA SI PRISCILLA SEBIDO SA PAMAMAGITAN NG ISANG SWORN AFFIDAVIT DATED APRIL 13, 1976 (ANNEX "E") NA KUNG SAAN AY NAAPRUBAHAN ANG KANYANG APPLICATION ANG LOT 1 NG OCT - 241 (RE: ANNEX "B") ANG NASABING LOT 2 F(IV-13) 1447 D AY INAPLAYAN NI PRISCILLA SEBIDO NG FREE PATENT AT KASAMA SA APPROVED FREE PATENT APPLICATION. ITO AY MAY TAX DECLARATION NA SUMUSUNOD: TAX DECLARATION NO. 061-12237 (ANNEX "F") AT TAX DECLARATION NO. 061-16797 (ANNEX "F1"). ANG LOT 2F(IV-13) 1447 D AY NAKUHAN DIN NAMIN NG TAX MAP (ANNEX "F2"). ANG NASABING LOT 2F(IV-13) 1447 D AY MAY CLASSIFICATION NA RESIDENTIAL (ANNEX "F3"). SA PATULOY NAMIN SA PAGASIKASO SA LOT 2F(IV-13) 1447D AY NAKAKUHA KAMI NG DOKUMENTO NA NAGPAPATIBAY SA KARAPATAN NI PRISCILLA SEBIDO SA NASABING LUPA (ANNEX "G") DOCUMENT ROUTING SLIP NA MAY DOCUMENT NO. 045316-2066 DATED 04/30/12 NA NAGSASAAD NA SI CORNELIO MIGUEL AY WALANG APPLICATION AT APPROVED SURVEY PLAN SA KANYANG KARPETA BAGKUS AY SA KARPETA NI PRISCILLA SEBIDO NAKITA ANG APPROVED SURVEY PLAN AT APPLICATION NG LOT 2F(IV-13) 1447 D. ANG LOT 2F(IV-13) 1447 D AY MAY MGA LOT VERIFICATION CERTIFICATION SA MGA SUMUSUNOD NA PETSA (ANNEX "H") DATED JULY 25, 2016 AT (ANNEX "I") DATED JUNE 28, 2021 BILANG ISANG ALIENABLE AT DISPOSABLE AREA. SA GINAGAWA NAMING PAGASIKASO UPANG MAS HIGIT NA MAPAGTIBAY ANG KARAPATAN SA NASABING LOT 2F(IV-13) 1447 D AY KUMUHA KAMI NG MGA SUPPORTING DOCUMENTS SA BARANGAY TINIGUIBAN NA KUNG SAAN ITONG NASABING LOT 2F(IV-13) 1447 D AY NASASAKUPAN.

KUMUHA AKO NG BARANGAY CERTIFICATION BILANG PAGPAPATUNAY NG AKING PAGPOSISYON SA NASABING LUPA LOT 2F(IV-13)1447 D

"ANNEXES "J" - BARANGAY CERTIFICATION DATED JUNE 19, 2016
"J1" - BARANGAY CERTIFICATION DATED JUNE 29, 2016
"J2" - BARANGAY CERTIFICATION DATED JUNE 30, 2016
"J3" - BARANGAY CERTIFICATION DATED JULY 24, 2018
"J4" - BARANGAY CERTIFICATION DATED MARCH 20, 2019

SA AMING PAG-AASIKASO NG PAGPAPATULOY NG PAGPAPATITULO NG LOT 2F(IV-13)1447D, KAMI AY BINIGYAN NG REQUIREMENTS NG DENR, CENRO PARA SA PAG REQUEST NAMIN NG INSPECTION AT ISSUANCE NG SURVEY AUTHORITY DATED APRIL 30, 2012 (ANNEX "K") NA MAY DOCUMENT NO. LMS-045 316-2067 SA ROUTING SLIP NA KALAKIP NG AKING REQUEST LETER. SA NASABING ROUTING SLIP AY REQUIREMENT DIN ANG PAGKUHA NAMIN NG ZONING CLEARANCE NA KUNG SAAN HINDI KAMI BINIGYAN BAGKUS AY CERTIFICATION DATED MARCH 07, 2016 (ANNEX "L") ANG BINIGAY SA AMIN NA KUNG SAAN NAKALAGAY NA "THIS CITY HAS NO LAND USE CLASSIFICATION". KAHIT NA MALINAW NA NAKALAGAY SA TAX DECLARATION NG LOT 2F(IV-13)1447D AY CLASSIFIED AS "RESIDENTIAL". SA BAHAGING ITO KAMI NAGULUHAN DAHIL SA SINASABI NG CITY GOVERMENT NA MAYROONG AMENDMENT ("ANNEX "M") DATED MARCH 12, 1976 NA GALING KAY ANGEL P. PADON ACTING CITY DEVELOPMENT COORDINATOR PARA KAY CORNELIO MIGUEL NA IPAWALANG BISA ANG KANYANG APPLICATION SA LOT 2F(IV-13)1447D PARA SA CITY GOVERMENT. NAIS KO PONG LINAWIN NA WALANG APPLICATION SI CORNELIO MIGUEL SA NASABING LUPA RE: ANNEX "H" BAGAMAT MAY GINAWANG LIHAM SI CORNELIO MIGUEL DATED JUNE 2, 1975 (ANNEX "N") NAKASAAD ANG KANYANG

[signature]

PAGDROPPED OR REJECT NG KANYANG PAG-APPLY NG FPA-(IV-13)1447D AT IBINIGAY ANG KARAPATAN PARA MAGPATITULO SA KANYANG ANAK NA SI PRISCILLA SEBIDO. NAIS DIN PO NAMIN MALAMAN TUNGKOL SA MGA PANGYAYARI NA MAY KINALAMAN ANG NASABING AMENDMENT. NAGKAROON PO NG AMENDMENT AYON SA DAHILANG "FOR ROAD PURPOSES IN THE FUTURE" MAY NALAMAN KAMI NA ANG KARUGTONG NG LOT 2F(IV-13)1447D AY NAPATITULUHAN SA PAMAMAGITAN NG CITY RESOLUTION NO. 1047-92 DATED MARCH 24, 1992 (ANNEX "O"). KUNG KAYA NAPATITULUHAN NG IBAT-IBANG TAO SA PAMAMAGITAN NG MISCELLENEOUS SALES APPLICATION (ANNEX "O1") NAPATITULUHAN PO ITO NA MAY AMENDMENT ANG KABAHAGI. PUMAYAG PO ANG CITY GOVERNMENT NA MAPATITULUHAN ANG NASABING KARUGTONG (RE: ANNEX "O") AT GANON DIN ANG DENR CENRO (RE: ANNEX "O1") SUBALIT YUNG SA AMIN NA LOT 2F(IV-13)1447D AY HINDI PINAHINTULUTAN AT NAG OPPOSSE ANG CITY GOVERMENT DAHIL GAGAMITIN DAW ITO BILANG DIVERSION ROAD. SA MGA NAGDAANG PANAHON MARAMING MGA ISSUE ANG LUMABAS TUNGKOL SA LOT 2F(IV-13)1447D NA KUNG SAAN AY MAY KINALAMAN ANG CITY GOVERMENT - RE: (ANNEX "P") DEED OF DONATION NA KUNG SAAN AY NAKASAAD ANG PAGHINGGI NG PAHINTULOT NG MAYOR LUCILO BAYRON SA AUGUST BODY "TO ENTER INTO AND SIGN THE DEED OF DONATION BY AND BETWEEN THE SURVIVING HEIRS OF CORNELIO MIGUEL (DONOR) AND THE CITY GOVERMENT OF PUERTO PRINCESA CITY (DONEE) CONCERNING THE 8,824 SQ METERS PARCEL OF LAND AT NATIONAL HIGHWAY, BARANGAY TINIGUIBAN. SA AKING OPINYON, SA SINASABI SA AMIN NA "THE LEGAL AND RIGHTFUL OWNER OF THE SUBJECT LOT 2F(IV-13)1447D AY ANG CITY GOVERMENT. SANA PO AY MAPAG-ARALAN NINYO MULI ANG AMING PROBLEMA SA DAHILANG NIRERECOGNIZE NG CITY GOVERMENT ANG AMING KARAPATAN BILANG HEIRS NI PRISCILLA SEBIDO SA PAGTANGGAP SA AMIN BILANG DONOR.

ISANG PAGPAPATUNAY DIN NG PAGRERECOGNIZE SA AMIN NG CITY GOVERMENT NA MAY KARAPATAN SA NASABING LOT 2F(IV-13)1447D AY NG HUMINGGI KAMI NG TULONG SA CITY GOVERMENT PATUNGKOL SA MGA DUMADAMING SQUATTERS SA NASABING LUPA (ANNEX "Q") REQUEST LETTER FOR DEMOLITION WITH ATTACHMENTS NG PRE-DEMOLITION CONFERENCE MEETING AND MINUTES. SIR, SA MGA NABANGGIT KO PO DITO SA AKING LIHAM NA MGA DOKUMENTO AY ISANG DAHILAN NA KUNG BAKIT IPINAGLALABAN NAMIN ANG AMING KARAPATAN SA NASABING LUPA..

LUBOS PO KAMING NAKIKIUSAP AT NAGMAMAKAAWA NA SANA AY MABIGYAN NINYO KAMI NG RECONSIDERATION NA MAPAG-ARALAN MULI ANG TUNGKOL SA LOT 2F(IV-13)1447D. MARAMING SALAMAT PO SA INYONG KONSIDERASYON.

LUBOS NA GUMAGALANG,

LUCYBETH LADRILLO

GERALDINE IBAÑEZ

HEIRS OF PRISCILLA SEBIDO

CONTACT NO. # 09058341257 - LUCYBETH LADRILLO

# 09659455268 - GERALDINE IBAÑEZ